# ACTIVITY

A. Isaayos ang mga letra upang makilala ang mga salitang inilalarawan.

GIOEBN → ________________

- Bayan kung saan nagmula ang mga nanlinlang kay Joshua at mga pinuno ng Israel

YGTNOAAPHAGA → ________________

- Isa sa mga naging gawain ng mga taong luminlang kila Joshua nang manirahan silang kasama ang mga Israelita

EDEAIZCNDO → ________________

- Hari ng Jerusalem na humingi ng tulong sa ibang mga hari upang salakayin ang Gibeon

OERMAO → ________________

- Bayan kung saan ang mga hari ay kumampi sa hari ng Jerusalem upang salakayin ang Gibeon

LOEY → ________________

- Malalaking bagay na buhat sa langit na pinaulan ng Diyos sa mga kalaban

B. Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang maling desisyon na ginawa nila Joshua at mga leader ng Israel?

   ________________________________________________

2. Bakit natakot si Haring Adonizedec nang malaman na nakipagkasundo ang mga taga Gibeon sa mga Israelita?

   ________________________________________________

3. Anong katangian ni Joshua ang iyong matututuhan sa kwentong nabasa?

   ________________________________________________

PHILIPPINE BIBLICAL WORLDVIEW FOUNDATION INC. • 2015 •

Patuloy na pinagtagumpay si Joshua at ang mga Israelita sa pagsakop ng mga lupaing pinangako ng Diyos sa kanilang mga ninuno. Bunga nito maging ang mga taga-Gibeon ay natakot at ninais na makipag-isa sa kanila upang hindi sila mapahamak. Mali man ang naging paraan ng mga taga-Gibeon, binigyang pagpapahalaga pa rin ni Joshua at ng bayang Israel ang nangyaring kasunduan. Kaya naman sa panahon na kinailangan nila ang tulong nila Joshua, hindi ito nag-atubili na tumulong.
Ang pagpapalang patuloy na tinatanggap ng mga Israelita mula sa Diyos ay umabot sa mga Gibeonites bunga ng kanilang pakikipag-isa sa kanila.



C. Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.

Sa isang nayon, may nakatira na batang lalake na nagngangalang Mateo. Kilala si Mateo sa kanyang mabuting puso bunga ng kanyang pagtitiwala sa Diyos at sa Kanyang salita. Masipag si Mateo. Hindi hadlang sa kanya ang kanyang edad upang pag-aralan ang mga bagay na sa tingin niya ay kapaki-pakinabang gaya na lamang ng pagtatanim. Araw-araw, pinag-aaralan niya ang kabukiran kung saan siya nakatira at namangha sa likas na yaman.

Sa kanyang pagmamasid at pag-gala sa kabukiran, namulot siya ng mga buto ng halaman na natagpuan niya dito at itinanim ito sa kanilang bakuran. Sa tulong ng kanyang mga magulang at kapatid inalagaan nila ang mga tinanim na halaman. Dumating ang araw na nagbago ang itsura ng kanilang bakuran, ito ay naging isang maganda at mabangong hardin.

Ang balita tungkol sa napakagandang hardin ni Mateo ay mabilis na kumalat sa kanilang nayon. Ang mga tao mula sa malayo at malapit na lugar ay pumunta at talaga namang namangha sa kagandahan nito. Ang mga bisita ay umaalis na puno ng kasiyahan at inspirasyon. Ang kanilang mga puso ay puno na ligaya at paghanga.

Habang lumalago ang hardin, ganun din ang nayon. Ang dating naghihirap na pamayanan ay nakakita ng bagong buhay ng kasaganaan, habang nagtitipon ang mga biyahero upang saksihan ang kahanga-hangang tanawin.

Naging malaking pagpapala kay Mateo ang kanyang pagtitiyaga sa paghahalaman at ito naman ay naging pagpapapala din sa ibang mga tao.

Mga tanong:

- Anong pagpapala ang tinanggap ni Mateo mula sa Diyos ayon sa kwentong nabasa?

  ______________________________________________________________________

  ______________________________________________________________________

- Sa paanong paraan naging daluyan ng pagpapala si Mateo para sa ibang mga tao?

  ______________________________________________________________________

  ______________________________________________________________________

Ang mga batang tulad natin ay dapat na matutong tularan si Mateo. Mahalaga na gamitin ang mga bagay na natututuhan at ang oras sa mga bagay na may pakinabang. Hindi ito para sa ating kasikatan o pansariling pakinabang kundi ito ay para maibahagi ito sa ibang tao sapagkat ito ay nakapag-bibigay kasiyahan sa Diyos.



D. Memory Verse:
Ang Diyos na nagbibigay ng binhing itatanim at tinapay na makakain, ang siya ring magbibigay sa inyo ng binhi at magpapalago nito upang magbunga nang sagana ang inyong kabutihang-loob. **2 Corinto 9:10**